King County • Pagsubaybay sa Tanggapan ng Pagpapatupad ng Batas (OLEO)

# FRAMEWORK NG GABAY SA KOMUNIDAD PARA SA MGA PAGSUSURI NG PATAKARAN

King County
OLEO

Nagbibigay ang dokumentong ito ng pangkalahatang-ideya ng proseso ng Pagsubaybay sa Tanggapan ng Pagpapatupad ng Batas (Office of Law Enforcement Oversight, OLEO) para sa gabay sa komunidad para sa mga pagsusuri ng patakaran. Sa ilalim ng batas, may awtoridad ang OLEO na magsagawa ng pagsusuri at magbigay ng mga rekomendasyon sa Sheriff kaugnay ng mga pagbabago sa mga patakaran, panuntunan, pamamaraan, o pangkalahatang kautusan ng Tanggapan ng Sheriff [K.C.C. 2.75.040(D)]. Kasabay ng iba pa nitong programa,

**Layunin ng OLEO na pataasin pa ang mga pamantayan sa pagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng mga rekomendasyon sa patakaran na batay sa ebidensya, na nakatuon sa komunidad at pagkakapantay-pantay.**

Kaugnay ng layuning iyon, may idinisenyo ang OLEO na proseso para sa pagsusuri at paggawa ng mga rekomendasyon sa patakaran sa pamamagitan ng direktang pakikipag-collaborate at pagkonsulta sa komunidad. Patuloy na binabago ang framework na ito, at iniimbitahan namin ang mga residente ng King County na makipag-ugnayan sa amin kung gusto nilang makibahagi o ibahagi ang kanilang feedback.

## ROADMAP

1. **Kilalanin ang Pangangailangan ng Pagbabago sa Patakaran** →
2. **Paunang Pagsusuri ng Patakaran** →
3. **Tukuyin ang Antas ng Gabay sa Komunidad** →
4. **Draft na Produktong Patakaran** →
5. **Subaybayan ang Pagpapatupad, Ipabatid ang Epekto ng OLEO, at Suriin ang Proseso** →
6. **Pagbibigay ng Kaalaman sa Komunidad**

## 1 Kilalanin ang Pangangailangan ng Pagbabago sa Patakaran

**Puwedeng simulan ang pagsusuri ng patakaran ayon sa:**

- Kagustuhan ng Tanggapan ng Sheriff ng King County
- **Gabay ng Komite sa Pagpapayo ng Komunidad para sa Pagsubaybay sa Pagpapatupad ng Batas (Community Advisory Committee for Law Enforcement Oversight, CACLEO)**
- Makabuluhang interes mula sa komunidad
- Mga pagbabago sa batas o pasya ng hukuman
- Mga pasya sa Mga Imbestigasyon ng OLEO
- **Pananaliksik sa Programa sa Patakaran ng OLEO**
- **Mga pagsisikap sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng OLEO**

***Dapat bang isapriyoridad ang patakarang ito para sa pagsusuri?***

Kung oo ang isasagot sa **alinman** sa mga sumusunod, magpatuloy. Kung "hindi" ang isasagot sa lahat ng tatlo, hindi isasapriyoridad ang patakaran para sa pagsusuri.

- ***Nakakaapekto ba ang patakarang ito o ang pagbabagong ito sa patakaran sa mga komunidad na dati nang lubos na apektado ng pagpapatupad ng batas?***
- ***Pinapangasiwaan ba ng patakaran ang mga direkta o kasalukuyang ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng komunidad at ng mga empleyado ng Tanggapan ng Sheriff?***
- ***Nakakaapekto ba ang patakarang ito sa buhay ng mga miyembro ng komunidad at mga isyu sa kaligtasan?***

## 2 Paunang Pagsusuri ng Patakaran

**Nagsasagawa ang OLEO ng paunang pagsusuri ng bawat patakaran kung naaangkop.**

**1** PAGSUSURI NG PATAKARAN
Suriin ang pagkakasabi, pagpapakahulugan, at mga napiling salita para matiyak na malinaw ang sinasabi at hindi ito mabibigyan ng ibang kahulugan.

**2** PAGSUSURI NG MGA PEER NA AHENSYA
Magkumpara sa iba pang ahensya para sa pagpapatupad ng batas.

**3** PAGSUSURI NG PINAKAMAHUHUSAY NA KASANAYAN
Alamin ang pananaliksik at mga halimbawang patakaran ng mga organisasyon gaya ng American Civil Liberties Union (ACLU), International Association of Chiefs of Police (IACP), atbp.

**4** SURIIN ANG MGA ULAT NG KINGS COMMUNITY ACTION ORGANIZATION *(KCAO)* AT NAKARAANG ULAT NG *OLEO*
Suriin ang mga nakaraang rekomendasyon para matiyak na consistent ang mga pagbabago.

**5** SURIIN PARA SA TOTOONG BUHAY
Suriin para sa praktikal na pagsunod sa field at nang isinasaalang-alang ang kalagayan ng lipunan at opinyon ng publiko.

## 3 Hakbang 3: Tukuyin ang Antas ng Gabay sa Komunidad

**PROYEKTO SA PATAKARAN NA MAY GABAY NG KOMUNIDAD:**
Proseso ng pakikipag-collaborate sa komunidad at OLEO sa paggawa ng produktong patakaran.

o

**PAGSUSURI SA MABILISANG TUGON:**
Isang proseso ng konsultasyon: Dina-draft ng OLEO ang produktong patakaran at ipinapadala nila ito sa komunidad para sa feedback.

***Mayroon bang agarang pangangailangan para baguhin kaagad ang patakaran?***

Kung mayroon, magpatuloy sa **Hakbang 4** at Pagsusuri sa Mabilisang Tugon. Kung wala, itanong ang mga sumusunod. Sa pagsagot sa alinman sa mga gabay na tanong na ito, kapag "oo" ang isinagot, magkakaroon ng Proyekto sa Patakaran na May Gabay ng Komunidad sa Hakbang 4.

- ***Mayroon bang kaalaman at kapasidad sa komunidad para magbigay ng kapaki-pakinabang na feedback?***
- ***Malayo ba ang posibleng rekomendasyon sa patakaran sa isang kasanayan ng Tanggapan ng Sheriff sa kasalukuyan (hal., ganap na pagbabago kumpara sa maliit na modipikasyon)?***
- ***Mayroon bang organisadong interes ang komunidad sa usaping ito sa patakaran?***

i *Kung may alinlangan, magtanong sa **Mga Kinokonsultang Organisasyon sa Komunidad** para sa feedback.*

## 4 Draft na Produktong Patakaran

**PROYEKTO SA PATAKARAN NA MAY GABAY NG KOMUNIDAD**

- Tukuyin ang mga stakeholder.
- Magsagawa ng ***Stakeholder Working Group***. Ang mga proyektong ito ay mas pangmatagalan at puwedeng abutin nang 6-12 buwan depende sa saklaw ng proyekto.
- Puwedeng ituring ng ***Stakeholder Working Group*** na kinakailangan/naaangkop na magpadala ng mga agarang rekomendasyon sa ***Tanggapan ng Sheriff***.
- Magko-collaborate ang komunidad at OLEO sa pag-draft ng patakaran/mga rekomendasyon/ulat sa pananaliksik.
  - Ilarawan ang problema, at talakayin ang mga opsyon at alternatibo sa patakaran.
  - Tukuyin ang mga prinsipyo at layunin.
  - Magkasundo – unawain ang posibleng epekto, talakayin ang accessibility, pagkakapantay-pantay, at mga ingklusibong salita.
- Kumonsulta sa ***Stakeholder Working Group*** para malaman kung kailangang dagdagan ang pakikipag-ugnayan.
- Isapinal ang produktong patakaran (memo, ulat sa pananaliksik, mga salita sa patakaran, atbp.).
- Ipadala sa ***Tanggapan ng Sheriff***.

***Tungkulin ng OLEO: Makipag-collaborate***

o

**PAGSUSURI SA MABILISANG TUGON**

- Ida-draft ng OLEO ang paunang buod ng mga rekomendasyon batay sa **Hakbang 2: Paunang Pagsusuri ng Patakaran**.
- Ibahagi ito sa ***Mga Kinokonsultang Organisasyon sa Komunidad*** gamit ang isang dalawang linggong timeline.
- Isaalang-alang ang feedback mula sa mga kinonsultang organisasyon.
- Ipadala ang mga pinal na rekomendasyon sa ***Tanggapan ng Sheriff***.

***Tungkulin ng OLEO: Kumonsulta***

## 5 Ipabatid ang Epekto at Suriin ang Proseso

- I-post ang mga rekomendasyon sa patakaran sa website ng OLEO at abisuhan ang ***Mga Kinokonsultang Organisasyon sa Komunidad*** o ***Stakeholder Working Group*** tungkol sa pagkilos kung naaangkop.
- Subaybayan ang pagpapatupad ng ***Tanggapan ng Sheriff*** sa patakaran at ang tugon ng komunidad.
- Ipabatid ang mga update sa pamamagitan ng newsletter, tracker ng patakaran, taunang ulat, atbp.
- Mangalap ng feedback tungkol sa proseso

! *Magsagawa ng pagsusuri taun-taon para pahusayin ang proseso ng pagsusuri ng patakaran at matiyak na naisasaalang-alang ang komunidad.*

## 6 Pagbibigay ng Kaalaman

- Mag-draft ng mga primer ng patakaran o video para sa pagbibigay ng kaalaman para ipaliwanag ang kabuluhan ng isyu sa patakaran.
- Sumali sa mga event sa komunidad at mag-host ng mga workshop para ibahagi ang ginagawa ng programa sa patakaran ng OLEO.
- Magdisenyo at maghatid ng mga pagsasanay sa pagbuo ng kapasidad para sa mga pinakaapektado ng isang patakaran.
- Gumawa ng library ng resource ng mga nauugnay na external na programa at materyales.
- Makipagtulungan sa mga organisasyon sa komunidad na mag-promote ng mga resource para sa mga pangangailangan sa pagbibigay ng kaalaman at personal na pangangailangan.

***Tungkulin ng OLEO: Magbigay ng Kaalaman***



DCE: 13317w